State of California—Health and Human Services Agency
Department of Health Care Services

WILL LIGHTBOURNE
*DIRECTOR*

GAVIN NEWSOM
*GOVERNOR*

# Pagpapalawak ng Programang Pederal na Antas ng Karalitaan ng mga Matatanda, Bulag, at May Kapansanan (Aged, Blind, and Disabled Federal Poverty Level)

## Mahalagang balita tungkol sa pagsaklaw sa iyong kalusugan

Minamahal na Benepisyaryo:

**Maaaring karapat-dapat ka para sa libreng Medi-Cal!**

Dalawang bagong batas ang ipinasa sa California. Itinataas ng isa ang limitasyon ng kita para sa programang Pederal na Antas ng Karalitaan ng mga Matatanda, Bulag at May Kapansanan (Aged, Blind & Disabled Federal Poverty Level, ABD FPL). Ang isa naman ay nagpipigil na maalis sa pagiging hindi karapat-dapat ng ilang tao para sa programang ABD FPL kapag nagsimula ang estado na bayaran ang mga premium sa Medicare Part B ng isang taon. Ang ilang tao na hindi nagkwalipika dati ay maaaring makakuha ng libreng Medi-Cal simula **Disyembre 1, 2020**.

Ang bagong limitasyon sa buwanang kita ay $1,488 o mas mababa para sa isang tao, o $2,003 para sa mag-asawa, pagkatapos mong ibawas ang ilang partikular na gastusin. Maaari mong ibawas ang mga premium para sa segurong pangkalusugan, kabilang ang mga premium para sa Medicare Part B, kahit kalahati ng iyong kinikita, at ilang mga gastusin sa trabaho.

Kung natutugunan mo ang bagong limitasyon sa kita, maaari kang maging karapat-dapat para sa libreng Medi-Cal kung nagbabayad ka na ngayon ng:

- Buwanang premium para sa programang 250 Porsyentong Nagtatrabahong May Kapansanan (250 Percent Working Disabled program), **o**
- Premium para sa iba pang pagsaklaw sa pangangalagang pangkalusugan.

Maaari ka ring maging karapat-dapat kung sumali ka sa Programang 250 Porsyentong Nagtatrabahong May Kapansanan (250 Percent Working Disabled Program) para maiwasan magkaroon ng parte sa gastusin.

**Kung sa tingin mo maaari kang maging karapat-dapat para sa libreng Medi-Cal, tawagan ang iyong county.**
Para malaman ang higit pa tungkol sa Medi-Cal at kung paano ka maaapektuhan ng pagpapalawak ng programang ABD FPL, tawagan ang iyong county. May kalakip sa sulat na ito na listahan ng mga tanggapan ng county at numero ng telepono.

Para sa mga pangkalahatang tanong, tawagan ang toll-free na Medi-Cal Helpline sa **1-800-541-5555** (TTY 1-800-430-7077). May libreng serbisyo ng interpreter ang Helpline. Maaari mo ring i-email ang mga katanungan sa Department of Health Care Services sa ABDexpansion@dhcs.ca.gov.

Salamat,

Department of Health Care Services